Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-5 NG PEBRERO, 2003 ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ......... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ......... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .......... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .......... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .......... | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | .......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 054-T'03

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY LABUIN NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAMNARAAN PITUMPUNG LIBO SIYAMNARAAN TATLUMPU'T PITONG PISO AT LIMAMPU'T PITONG SENTIMOS (P970,937.57)*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 05-T'03 / Ordinansa sa sa Laang Gugulin Blg. 01-T'03 ng Sangguniang Barangay ng Labuin na *nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2003 ng nabanggit na barangay.*

*SAPAGKA'T,* ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan lakip ang mga kapunahan at rekomendasyong nais ipahatid sa nabanggit na barangay.

*SAPAGKA'T,* anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Labuin.

*KUNG KAYA'T DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Roselon F. Pamatmat at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong ito ng Barangay Labuin ng bayang ito na nagkakahalaga ng P970,937.57.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng Labuin, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
*Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan